

Kung may pagdududa o anumang pagkakaiba sa pagitan ng pagsasalin at orihinal na teksto sa wikang Ingles/Tsino, mananaig ang teksto sa wikang Ingles/Tsino.

Kapaki-pakinabang na Impormasyon Tungkol sa Pagbubukas at Pagpapanatili ng Account

Pagbubukas at Pagpapanatili ng Account

Sa mga nagdaang taon, ang mga internasyonal na pagsisikap laban sa mga ilegal na aktibidad kabilang ang money laundering, pagpondo sa mga terorista at pag-iwas sa buwis ay lubhang pinahigpit. Ito, kaakibat ng iba't ibang sistema ng pagpaparusa, ay nag-udyok sa mga bangko na paghusayin ang kanilang mga anti-money laundering at counter-terrorist financing (AML/CFT) na mga kontrol sa pangkalahatan, kasama ang isang mas mahigpit na proseso ng pagsusumikap para sa customer (customer due diligence o CDD) para sa mga kasalukuyan at bagong customer. Kung gayon, kumpara sa lima o sampung taong nakalipas, talagang mas kumplikado at maaaring mangailangan ng mas mahabang oras ang kasalukuyang proseso ng pagbubukas ng account.

Bukod sa mga lokal na kinakailangan, kailangan din ng ilang bangko na sumunod sa mga kinakailangan o pamantayang ipinag-uutos ng kanilang mga punong tanggapan o mga awtoridad sa ibang bansa. Kung gayon, maaaring mag-iba ang mga kinakailangan sa pagbubukas ng account ng mga bangkong ito. Kung gusto mong magbukas ng isang bank account, mainam na lumapit sa maraming bangko para makapaghambing at pumili ng mga serbisyong naaangkop sa iyong mga pangangailangan. Layunin ng dokumentong ito na magbigay ng ilang impormasyon at mga tip sa pagbubukas at pagpapanatili ng account sa Hong Kong para maging sanggunian ng mga customer.

Kung mayroon kang anumang opinyon o tanong tungkol sa pagbubukas ng account, pagpapanatili ng account o pag-update ng impormasyon ng account, makipag-ugnay sa HKMA.

Email: accountopening@hkma.gov.hk

1. Proseso ng Pagbubukas ng Account

Kailangang magsagawa ang mga bangko ng CDD para maunawaan ang mga background at pangangailangan ng mga customer bago magbukas ng mga bank account. Tinutulungan nito ang mga bangko na magbigay ng angkop na mga serbisyo sa pagbabangko sa kanilang mga customer. Depende kung nagbigay ang customer ng sapat na impormasyon sa bangko para maisagawa nito ang proseso ng CDD, puwedeng makumpleto ang proseso ng pagbubukas ng account sa loob ng maraming araw para sa mga simpleng kaso.

Mga indibidwal na customer	Mga korporasyon na customer (Pinayuhan na magsawaga ng pagtatanong/appointment online/sa pamamagitan ng telepono nang maaga)
Ipunin ang lahat ng kailangang dokumento at direktang magsumite ng mga aplikasyon sa sangay o sa pamamagitan ng mga aplikasyon sa internet/mobile	
Internal na pag-apruba ng bangko	
Magsumite ng mga karagdagangdokumento/impormasyon (kung kailangan)	
Pag-abiso sa resulta ng aplikasyon ng bangko	

2. Kailangang Impormasyon

Katulad ng iba pang sentro ng pananalapi, walang magkaparehong checklist ng impormasyon na kailangan ang mga bangko sa Hong Kong para sa pagbubukas ng account dahil bumubuo ang mga indibidwal na bangko ng mga patakaran alinsunod sa kanilang mga sariling diskarte sa negosyo at mga pagsusuri sa panganib. Higit pa rito, bukod sa mga lokal na kailangan, kailangan din ng ilang bangko na sumunod sa mga kinakailangan o pamantayang ipinag-uutos ng kanilang mga punong tanggapan o mga awtoridad sa ibang bansa. Kung gayon, maaaring mag-iba-iba ang impormasyong kailangan para sa pagbubukas ng mga account sa mga bangkong ito.

Sa pangkalahatan, maaaring kunin ng mga bangko ang sumusunod na impormasyon o kailanganin ang mga kaugnay na orihinal na dokumento kapag nagpoproseso ng mga aplikasyon ng personal o corporate bank account:

(a) Mga indibidwal na customer:

(i) Mga dokumento ng pagkakakilanlan, halimbawa:

(A) Identity card

(B) Dokumento sa pagbibiyaha

(ii) Impormasyon sa tinitirhang address:

Sa ilang sitwasyon, para iwasan ang pag-aalinlangan, maaaring mangailangan ang isang bangko ng pagpapatunay (bukod pa sa pagkolekta) ng tinitirhang address mula sa isang customer para sa iba pang layunin (hal. mga kinakailangan sa pangkat, iba pang lokal at pang-ibang bansa na kinakailangang legal at panregulasyon). Sa mga ganitong pangyayari, kailangang malinaw na maipaalam ng bangko sa customer ang mga dahilan ng pangangailangan sa pagpapatunay ng address.

Tandaan na sanggunian lamang ang impormasyong kailangan para sa pagbubukas ng account na itinakda sa itaas. Ayon sa mga totoong pangyayari (tulad ng mga background ng mga aplikante, ang hiniling na mga serbisyo sa pagbabangko, atbp.) at ang kanilang mga pagsusuri sa panganib, maaaring hilingin ng mga bangko sa mga aplikante na magsumite ng iba pang uri o karagdagang impormasyon at dokumentasyon, halimbawa, impormasyon at mga dokumento na may kaugnayan sa Foreign Account Tax Compliance Act (FATCA) at Automatic Exchange of Financial Account Information (AEOI), atbp. Maaaring makipag-ugnayan ang mga customer sa mga kinauukulang bangko o bisitahin ang kanilang mga website para suriin ang kinakailangang impormasyon.

(b) Mga korporasyong customer:

(i) Mga dokumento ng pagkakakilanlan ng korporasyon, halimbawa:

(A) Sertipiko ng incorporation

(B) Ulat mula sa isang rehistrasyon ng kompanya

(C) Sertipiko ng Panunungkulan

(D) Sertipiko ng mabuting katayuan

(E) Tala ng Pagpaparehistro

- (F) Kasunduan ng pakikipagsosyo sa gawa o
- (G) Dokumentong konstitusyonal
- (ii) Impormasyon sa address ng nakarehistrong tanggapan at pangunahing lugar ng negosyo (kung naiiba sa address ng nakarehistrong tanggapan)
- (iii) Impormasyon sa (mga) makikinabang na may-ari, halimbawa:
 - (A) Dokumento ng pagkakakilanlan ng (mga) makikinabang na may-ari
 - (B) Mga detalye ng pagmamay-ari at estruktura ng kontrol ng kompanya
- (iv) Layunin at binalak na katangian ng account, halimbawa:
 - (A) Layunin ng account
 - (B) Inaasahang mga aktibidad sa account
 - (C) Kalikasan sa negosyo at mode ng operasyon
- (v) Impormasyon ng taong kumikilos para sa customer, halimbawa:
 - (A) Dokumento ng pagkakakilanlan ng taong kumikilos para sa customer
 - (B) Dokumento ng pahintulot

Tandaan na sanggunian lamang ang impormasyong kailangan para sa pagbubukas ng account na itinakda sa itaas. Ayon sa mga totoong pangyayari (tulad ng mga background ng mga aplikante, ang hiniling na mga serbisyo sa pagbabangko, atbp.) at ang kanilang mga pagsusuri sa panganib, maaaring hilingin ng mga bangko sa mga aplikante na magsumite ng iba pang uri o karagdagang impormasyon at dokumentasyon, halimbawa, impormasyon at mga dokumento na may kaugnayan sa Foreign Account Tax Compliance Act (FATCA) at Automatic Exchange of Financial Account Information (AEOI), atbp. Maaaring makipag-ugnayan ang mga customer sa mga kinauukulang bangko o bisitahin ang kanilang mga website para suriin ang kinakailangang impormasyon.

3. Paano kung tinanggihan ang aplikasyon?

- (a) Sa pangkalahatan, dapat magbigay ang mga bangko ng mga dahilan para tanggihan ang mga aplikasyon para sa pagbubukas ng account. Higit pa rito, nagtaguyod din ang mga bangko ng mekanismo ng pagsusuri para sa mga hindi matagumpay na aplikasyon. Maaaring hilingin ng mga tinanggihang aplikante

sa mga bangko na muling suriin ang kanilang mga aplikasyon sa pagbubukas ng account.

- (b) Pumunta sa isa pang bangko para sa pagbubukas ng account. Sumangguni sa mga detalye sa pakikipag-ugnayan ng mga bangko
- (c) Makipag-ugnayan sa HKMA (Email: accountopening@hkma.gov.hk) para makapagkomento o magtanong.

4. Pag-update sa Impormasyon ng Account

Ayon sa mga pandaigdigang pamantayan sa AML/CFT, bukod sa pagsasagawa ng proseso ng CDD kapag nagpoproseso ng mga aplikasyon sa pagbubukas ng account, kailangan din ng mga bangko na regular na suriin at i-update ang impormasyon ng mga kasalukuyang customer. Dedepende sa profile ng panganib ng mga kinauukulang customer ang dalas at lawak ng mga pagsusuri. Kung gayon, maaari kang makatanggap ng mga sulat mula sa mga bangko na hihiling sa iyong i-update ang impormasyon ng customer o mga aktibidad sa account, kahit na napanatili nang maraming taon ang mga bank account. Gayunpaman, dapat pagsikapan ng mga bangko na tulungan ang mga customer sa proseso. Kung nahihirapan ang mga customer sa pagtugon sa mga kahilingan sa impormasyon ng mga bangko, maaari silang tumawag sa mga bangko para talakayin ito.

Nakatutulong ang napapanahong impormasyon hindi lamang sa mga bangko para protektahan ang mga customer mula sa panganib ng pandaraya at krimen sa pananalapi, pero tinutulungan din ang mga bangko na mas maunawaan ang mga pangangailangan ng mga customer at magbigay ng mga pinakaangkop na serbisyo at produkto.

5. Ang mga bangko ay hindi dapat...

1. Kapag nagsasagawa ng mga hakbang sa CDD, hindi dapat gumawa ang mga bangko ng mga hindi makatuwirang kahilingan sa kanilang mga customer na hindi katimbang o walang katuturan sa pagsusuri ng panganib. Maaaring kasama rito ang, halimbawa:
 - (a) kailanganin na naroroon sa pagbubukas ng account ang lahat ng direktor at makikinabang na may-ari ng isang korporasyon sa ibang bansa;

- (b) ipag-utos na maging sertipiko ng isang certifier sa Hong Kong ang lahat ng dokumento ng isang korporasyon sa ibang bansa;
 - (c) hilingin sa isang start-up na magbigay ng parehong antas ng detalye sa track record nito, plano sa negosyo at mga projection ng kita bilang isang matagal nang itinatag na kompanya;
 - (d) umasa ng isang sertipiko ng pagpaparehistro ng negosyo sa Hong Kong para sa lahat ng aplikante o ebidensya ng isang tanggapan sa Hong Kong para sa lahat ng korporasyon sa ibang bansa, na hindi alintana ang modelo ng negosyo o paraan ng pagpapatakbo;
 - (e) ipag-utos ang napakarami o napakadetalyadong impormasyon tungkol sa mapagkukunan ng yaman na kung kadalasang babalik sa mga dekada anuman ang mga panganib na ipinakita ng ugnayan o uri ng serbisyo na inaalok (hal. MPF account, pangunahing mga serbisyo sa pagbabangko na may maliit na balanse) na mahirap o imposible para sa customer maghandog; at
 - (f) pagtangga sa pagbubukas ng account batay sa hindi makatuwirang matataas na benchmark tulad ng inaasahan o aktuwal na turnover ng benta.
2. Hindi rin dapat bumili ang mga bangko ng pamumuhunan sa pamamahala ng kayamanan o mga produkto ng insurance o pagkakaroon ng malaking halaga ng mga paunang deposito bilang isang kondisyon para sa pagbubukas ng bank account, o maiugnay ang mga aktibidad na ito na may pagkakataon na magtagumpay o oras ng pagproseso ng pagbubukas ng mga bank account .

6. Tungkulin ng HKMA

Nagsagawa ang HKMA ng bilang ng mga hakbang para harapin ang isyu sa pagbubukas ng account na kinaharap ng ilang korporasyon na customer. Hangarin naming mapanatili ang isang matatag na regime ng AML / CFT sa Hong Kong na hindi pinapahina ang access ng mga lehitimong negosyo at ordinaryong mamamayan sa mga pangunahing serbisyo sa pagbabangko.

(a) Laganap ba ang isyu sa pagbubukas ng account sa Hong Kong?

Batay sa mga komento at impormasyong nakolekta ng HKMA, hindi lumilitaw na laganap sa industriya ang isyu sa mga paghihirap na kinakaharap ng maliliit at mga may katamtamang laking negosyo (small and medium-sized enterprises o SMEs) at

mga start-up sa pagbubukas ng mga bank account. May kaugnayan ang isyu sa isa o dalawang pandaigdigang bangko na karaniwang ang unang tinatawagan ng maraming kompanya na naghahangad na magbukas ng isang bank account. Nagkaroon ng kaunting pagpapahusay ng sitwasyon matapos mag-isyu ang HKMA ng isang cirkular na "Hindi Pagsasapanganib at Pinansyal na Pagiging Kabilang" sa lahat ng mga bangko noong Setyembre 2016.

(b) Ano ang ginawa ng HKMA para matugunan ang isyu sa pagbubukas ng account?

Pinahahalagahan ng HKMA ang isyu tungkol sa mga paghihirap sa pagbubukas ng mga bank account, at sinimulan ang isang serye ng follow-up na trabaho, kasama ang:

- (i) Nakipag-ugnayan kami sa iba't ibang stakeholder kabilang ang mga dayuhan at lokal na kamara ng komersyo at mga asosasyon ng SME para magkaroon ng malalim at ganap na pag-unawa sa sitwasyon, kumonekta ng mga detalye ng mga partikular na insidente na nauugnay sa mga paghihirap sa pagbubukas ng mga bank account, at sinundan ang mga kaso sa mga bangko.
- (ii) Nag-isyu ang HKMA ng isang cirkular na "Hindi Pagsasapanganib at Pinansyal na Pagiging Kabilang" sa lahat ng bangko noong Setyembre 8, 2016, na muling nagpapaalala sa mga bangko ay dapat gumamit ang mga ito ng isang diskarte na "nakabatay sa panganib" sa pagproseso ng mga aplikasyon sa pagbubukas ng account at pagsasagawa ng patuloy na angkop na pagsisikap para sa mga kasalukuyan nang customer. Dapat ding tiyakin ng mga bangko ang isang makatuwiran at patas na pakikitungo sa lahat ng kasalukuyan at maaaring maging customer, kabilang ang:

(A) pagpapahusay ng transparency ng pagbubukas ng account at proseso ng CDD sa pamamagitan ng malinaw na paglalahad ng impormasyon at dokumentasyong kailangan para sa proseso ng CDD, na nagpapaliwanag ng dahilan para sa hiniling na impormasyon, pagtulong sa mga customer sa paggawa ng mga hakbang o pagbibigay ng mga kahalili na makakatulong na matugunan ang proseso ng CDD, at nagpapakilala ng mga mekanismo ng pagsusuri para sa hindi matagumpay na mga aplikante;

(B) mapanatili ang mabisang komunikasyon sa mga customer sa pamamagitan ng, halimbawa, pagbibigay ng mga pansamantalang pag-update tungkol sa pag-usad ng kanilang mga aplikasyon, napapanahong

feedback ng mga resulta ng kanilang mga aplikasyon, at kung tinanggihan ang isang, naaangkop ang dahilan para sa pagtangga; at
(C) pagbibigay ng sapat na pagsasanay sa kanilang mga frontline na kawani para matiyak na pare-pareho ang pagpapatupad ng mga kaugnay na hakbang.

- (iii) Nagpalabas din ang HKMA ng "Mga Madalas Itanong tungkol sa CDD" noong Setyembre 29, 2016 at Mayo 25, 2017 para linawin sa mga bangko ang ilang karaniwang maling interpretasyon ng mga kailangan sa CDD. Tinipon ang mga madalas itanong na ito sa "Mga Madalas Itanong kaugnay ng AML/CFT", na binuo ng Hong Kong Association of Banks na may kasamang input mula sa HKMA, at inilabas noong Oktubre 31 2018 (huling pag-update noong 30 Setyembre 2020).
- (iv) Nagpalabas din ang HKMA ng Patnubay sa Anti-Money Laundering at Counter-Terrorist Financing - Mga Kailangan sa Pagpapatunay ng Address noong Oktubre 11, 2017 para ipaalam sa mga bangko na pansamantalang pormal na inaalís ang mga kailangan sa pag-verify ng address na kasalukuyang nakatakda sa Patnubay sa Anti-Money Laundering at Counter-Terrorist Financing (para sa mga Awtorisadong Institusyon) noong 2018. Kasunod nito, binago ang Patnubay noong Oktubre 2018 kung saan kailangan lang ng mga bangko na kolektahin ang impormasyon sa address ng mga customer.
- (v) Sa pinagsamang pagsisikap ng HKMA at ng industriya ng pagbabangko, inilunsad noong Abril 2019 ang mga tiered na serbisyo ng account na naglalayong mapahusay ang karanasan ng customer—ang "Mga Simple Bank Account" (o "SBAs")—paramagbigay ng karagdagang pagpipilian para sa mga negosyong customer na nangangailangan lamang ng mga pangunahing serbisyo sa pagbabangko. Sa mas makitid na saklaw ng serbisyo, magiging mas mababa ang mga panganib na kasangkot sa SBAs at kung gayon, hindi na masyadong mabusisi ang mga hakbang sa CDD para sa pagbubukas ng account.
- (vi) Bumuo ang HKMA ng isang task force para pangasiwaan ang mga komento at tanong tungkol sa pagbubukas at pagpapanatili ng account, at nakabuo ng isang nakalaang pahina sa website ng HKMA para sa pakikipagkomunikasyon sa mga stakeholder.
- (vii) Nakikipag-ugnayan ang HKMA sa isang tagapagbigay ng serbisyo para magsagawa ng isang programa sa misteryosong pamimili (mystery shopping programe o MSP) noong 2018, na nakatuon sa aspekto ng customer interface sa mga proseso ng pagbubukas ng account ng 20 retail na bangko para sa mga SME at mga customer na etnikong minority. Pinupunan ng MSP ang mga

aktibidad sa pangangasiwa ng HKMA sa pagsusuri sa pagiging epektibo ng mga hakbang sa pagpapahusay ng mga bangko at mga nakagawian sa field. Nagpalabas ang HKMA ng isang circular noong Hunyo 14, 2019 para ibahagi sa industriya ng pagbabangko ang mga natukoy na obserbasyon at nangangailangan ng mga karagdagang pagpapahusay ng mga bangko sa ilang lugar. Sinimulan ng HKMA ang follow-up na trabaho sa mga kaugnay na bangko batay sa mga obserbasyon ng MSP.

(viii) Bilang bahagi ng follow-up na trabaho na may kaugnayan sa circular ng HKMA na "Hindi Pagsasapanganib at Pinansyal na Pagiging Kabilang" na inilabas noong Setyembre 8, 2016, nagsagawa ang HKMA ng isang tematikong pagsusuri mula sa huling bahagi ng 2017 hanggang 2018 tungkol sa pagapatupad ng mga bangko ng mga hakbang ng AML/CFT Kapag nagsasagaw ng on-boarding na mga customer na SMEs. Nagpalabas ang HKMA ng isang circular noong Hunyo 14, 2019 para ibahagi ang mga pangunahing obserbasyon at magagandang gawain na tinukoy mula sa pagsusuri sa industriya.

(c) Ano ang ibig sabihin ng mga bangko na nagsaagaw ng isang diskarte na "nakabatay sa panganib" sa pagbubukas ng account?

Kapag sinabing "nakabatay sa panganib," nangangahulugan ito na dapat pag-iba-ibahin ng mga bangko ang mga antas ng panganib ng mga indibidwal na customer alinsunod sa kanilang mga background at sitwasyon, at magsagawa ng mga angkop na hakbang sa pagpapagaan ng panganib at CDD, sa halip na simpleng pag-aangkop ng isang "one-size-fits-all" na diskarte sa lahat ng customer sa proseso ng pag-apruba.

Mga opinyon o tanong

Kung mayroon kang anumang opinyon o tanong tungkol sa pagbubukas ng account, pagpapanatili ng account o pag-update ng impormasyon ng account, makipag-ugnayan sa HKMA.

Email: accountopening@hkma.gov.hk